Form ng Pahintulot para sa Pagbabakuna ng ESTUDYANTE -

INIKSIYON PARA SA TRANGKASO

(PAKI-PRINT NANG MALINAW SA PAMAMAGITAN NG ITIM O ASUL NA TINTA)

APELYIDO NG ESTUDYANTE	PANGALAN NG ESTUDYANTE	MI(S)	PETSA NG KAPANGANAKAN NG ESTUDYANTE (BUWAN /ARAW/TAON)
			/ /

ADDRESS NG ESTUDYANTE

LUNGSOD	ESTADO	ZIP CODE	TELEPONO SA TAHANAN
			( ) -

ANG ESTUDYANTE AY: ☐ KAMBAL ☐ TRIPLET

KASARIAN NG ESTUDYANTE: ☐ LALAKI ☐ BABAE

PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPANGALAGA (APELYIDO)	(PANGALAN)	(M.I.)	TELEPONO SA ARAW / CELL

EMAIL

PANGALAN NG PAARALAN

PANGALAN NG GURO SA HOMEROOM (APELYIDO, PANGALAN)

BAITANG (PUMILI NG ISA " ●")

JR K	K	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12

PANGALAN NG DOKTOR NG ESTUDYANTE (APELYIDO, PANGALAN) ADDRESS LUNGSOD ZIP

SEGURO SA KALUSUGAN NG ESTUDYANTE (PUMILI NG ISA "●") Ang programang Pigilin ang Trangkaso ay **LIBRE**. Ang inyong kompanya ng seguro ay HINDI sisingilin.

○ HMSA - PRIBADO ○ KAISER - PRIBADO ○ UNITEDHEALTHCARE - PRIBADO ○ ALOHACARE ○ UHA ○ HMA ○ OHANA ○ WALANG SEGURO
○ HMSA - QUEST ○ KAISER - QUEST ○ UNITEDHEALTHCARE - QUEST ○ CHAMPUS/TRICARE ○ MDX ○ HMAA ○ HINDI SIGURADO ○ IBA:_____

NUMERO NG POLISA SA SEGURO

Makakatulong sa amin ang mga sumusunod na katanungan upang malaman kung ang inyong anak ay maaaring tumanggap ng **Iniksyon para sa Trangkaso** (inactivated influenza vaccine). Piliin ang **OO o HINDI** ("●") para sa bawat katanungan.

		OO	HINDI
1.	Nagkaroon na ba ang inyong anak ng seryosong allergic reaction sa itlog o sa isang sangkap ng anumang bakuna sa trangkaso?	○	○
2.	Nagkaroon na ba ang inyong anak ng seryosong allergic reaction sa naunang dosis ng bakuna sa trangkaso?	○	○
3.	Nagkaroon na ba ang inyong anak ng Guillain-Barré Syndrome (isang seryosong nervous system disorder)?	○	○

Kung sinagot ninyo ng OO ang alinmang katanungan, may katanungan na hindi sinagot, o hindi kayo sigurado sa sagot sa alinman sa mga katanungan sa itaas, HINDI tatanggapin ng inyong anak ang Iniksyon para sa Trangkaso (inactivated influenza vaccine) sa pamamagitan ng programang pagbabakuna sa paaralan. Kausapin sana ninyo ang doktor ng inyong anak.

PAHINTULOT PARA SA PAGBABAKUNA NG BATA: Natanggap at nabasa ko ang 2013-14 na Kasulatan ng Impormasyon sa Bakuna para sa Inactivated Influenza Vaccine. Nauunawaan ko ang mga peligro at benepisyo, at ibinibigay ko ang pahintulot sa Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Hawaii at sa mga awtorisadong kawani nito para tanggapin ng aking anak, na pinangalanan sa itaas ng form na ito, ang **INIKSIYON PARA SA TRANGKASO** at upang ibahagi sa doktor ng aking anak at sa kompanya ng seguro ng aking anak ang impormasyon tungkol sa pagbabakuna ng aking anak para sa trangkaso. Pumapayag akong isantabi at bitawan ang anumang reklamo laban sa Estado, sa lahat ng nag-aambag na miyembro ng Samahan ng mga Planong Pangkalusugan sa Hawaii (Hawaii Association of Health Plans), at sa iba pang mga tagapagtaguyod ng programa kaugnay ng o nagmumula sa Programang Stop Flu sa Paaralan. Isa pa, natanggap ko ang impormasyon tungkol sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii (tingnan sa likod).

Lagda/Magulang o Legal na Tagapangalaga _____ Petsa: ____/_____/_____

FOR ADMINISTRATIVE USE ONLY (GAMIT PANG-ADMINISTRATIBO LAMANG)

Vaccine	Date Dose Administered	Dose Size	Site	Route	Vaccine Manufacturer	Lot Number	Expiration Date	VIS Publ. Date	Name, Address, & Title of Vaccine Administrator
Inactivated influenza vaccine	/ /	0.5 ml	RA LA	IM			/ /	/ /	

Reason **FLU SHOT NOT** given:

○ Student had temperature of 100.5º or higher
○ Student's consent form incomplete
○ Student refused **FLU SHOT**
○ Student absent
○ Other: _____

IMPORMASYON SA REHISTRO NG IMUNISASYON SA HAWAII

Tagalog

IMPORMASYONG NASA REHISTRO

- Impormasyon sa imunisasyon kabilang ang ngunit hindi lamang uri ng bakuna, petsa kung kailan ibinigay ang bakuna, parteng binakunahan at paraan ng pagbabakuna, lot number, petsa ng pagpapaso, pagkakasakit ng pasyente sa nakaraan ng mga sakit na puwedeng pigilin ng bakuna, mga kontraindikasyon, mga pag-iingat, mga masamang reaksyon, at/o mga komento tungkol sa mga pagbabakuna.
- Personal na impormasyon kabilang ang ngunit hindi lamang ang una at gitnang pangalan at apelyido ng indibidwal, petsa kung kailan ipinanganak, kasarian, address na pagpapadalhan ng sulat, numero ng telepono, pangalan ng magulang/tagapangalaga, kaugnayan ng magulang/tagapangalaga sa indibidwal, ang impormasyon kung paano sila makokontak, at ang apelyido ng ina noong dalaga siya.

IMPORMASYON SA PAGIGING KOMPIDENSYAL AT PAGIGING PRIBADO

Tinatanggap ng lahat ng mga awtorisadong gumagamit at ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan na umiiral ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) Privacy Rule (PL 104-191 at 45 CFR Parts 160 at 164, "Standards for Privacy of Individually Identifiable Health Information") sa paggamit at pagsisiwalat sa impormasyong makakatukoy sa pagkatao ng mga tao at ahensyang sumasailalim sa Patakaran sa Pagiging Pribado. Bagaman ginamit ang mga pamantayan ng HIPAA sa pagiging pribado bilang gabay upang tumulong sa pagbuo sa mga patakaran sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro, ang Rehistro at ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan ay hindi mga "sakop na ahensya" sa ilalim ng HIPAA. Ang mga tagabigay serbisyo, mga plano sa kalusugan at iba pang mga sakop na ahensya o tao na awtorisadong gumagamit ay dapat sumunod sa Patakaran ng HIPAA sa Pagiging Pribado.

Ang impormasyon sa Rehistro ay manggagaling sa at bukas sa mga awtorisadong gumagamit para lamang sa mga awtorisadong layunin. Lahat ng mga awtorisadong gumagamit ay kinakailangang protektahan ang pagiging pribado ng mga kalahok na pasyente sa pamamagitan ng pagprotekta sa kompidensyal na impormasyon sa Rehistro alinsunod sa Alituntunin sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, sa Alituntunin sa Seguridad ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, pati na lahat ng naaangkop na mga batas sa Estado at Pederal.

MGA AWTORISADONG GUMAGAMIT

Ang mga awtorisadong gumagamit ng Rehistro ay maaaring kabibilangan ng mga indibidwal at/o ahensya na nangangailangan ng palagiang access sa impormasyon sa imunisasyon ng pasyente at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatao upang magbigay ng mga serbisyo sa imunisasyon sa mga partikular na pasyente, magpanatili ng computerized inventory ng kanilang mga publiko at pribadong stock ng mga bakuna, pag-aralan ang kalagayan ng imunisasyon upang malaman ang antas ng imunisasyon, at/o tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon. Lahat ng mga awtorisadong gumagamit ay kailangang lumagda ng isang Kasulatan ng Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii na nagpapakita na natanggap nila ang kopya ng Alituntunin sa Pagiging Kompidensyal at Pagiging Pribado ng Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii, nauunawaan ang mga takda, kabilang ang mga multa sa paglabag sa mga alituntunin, at sumang-ayon na tumupad sa mga alituntunin.

Ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan ang siyang responsable para sa pagbabantay sa Rehistro at samakatuwid ay itatalaga bilang awtorisadong gumagamit.

MGA GAMIT NG IMPORMASYON SA REHISTRO (AWTORISADONG LAYUNIN)

Ang mga datos sa imunisasyon sa Rehistro at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatao ay gagamitin ng mga awtorisadong gumagamit para sa mga layunin na:

- Pagsasama-sama, pagpapanatili, at pag-access sa computerized immunization records;
- Pagsasama-sama at pagpapanatili ng impormasyon sa imbentaryo ng bakuna;
- Pag-alam sa kasaysayan ng imunisasyon ng mga indibidwal at paghahatid ng paggamot na pangangalagang pangkalusugan ayon sa kinakailangan;
- Paggawa ng mga pabatid para sa mga indibidwal kung kanino ang takdang panahon ng imunisasyon ay dumating na o lumipas na at kung sakaling magkaroon ng recall ng bakuna;
- Manatiling alerto para sa complex immunization schedule sa pamamagitan ng paggamit sa immunization forecasting tools na ibinibigay rehistro;
- Pag-aralan ang antas ng imunisasyon ng kanilang mga pasyente (o mga subset ng mga ito);
- Paggawa ng mga opisyal na record sa imunisasyon (hal. Record ng Kalusugan ng Estudyante);
- Tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon;
- Pagtatala sa pamamahagi ng mga medikasyon na pangontra at panggamot sa sakit na ipinapainom o ibinibigay bilang paghahanda para sa at tugon sa maaaring salot sa kalusugan at yaman;
- Pagtupad sa mga alituntunin at dapat masunod na pamamaraan ng Hawaii Vaccines for Children (Mga Bakuna sa Hawaii para sa Mga Bata) at iba pang programa sa bakuna na ibinibigay ng Estado kaugnay sa pag-oorder at mga pananagutan hinggil sa bakuna; at
- Iba pang mga layuning ipinasiya ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

Ang mga datos sa imunisasyon sa Rehistro at iba pang mga impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkatao ay gagamitin ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan para sa sumusunod na mga layunin sa kalusugan ng publiko kabilang ngunit hindi lamang:

- Upang tiyakin ang pagsunod sa mga ipinag-uutos kaugnay sa imunisasyon;
- Pagsasagawa ng mga aktibidad na Pagpapahusay sa Kalidad/Pag-aaral sa Kalidad;
- Pagtupad sa mga alituntunin at dapat masunod na pamamaraan ng Hawaii Vaccines for Children at iba pang mga programa sa bakuna na ibinibigay ng Estado kaugnay sa pag-oorder at mga pananagutan hinggil sa bakuna;
- Pagpigil at pangangasiwa sa mga outbreak ng mga sakit na napipigilan ng bakuna at iba pang mga emergency kaugnay sa kalusugan ng publiko;
- Paggawa ng mga ulat sa pag-aaral tungkol sa imunisasyon upang tumulong sa pagbuo ng mga alituntunin at mga istratehiya upang pabutihin ang kalusugan ng publiko;
- Pangangasiwa at pagpapanatili sa sistema ng Rehistro; at
- Iba pang mga layuning ipinasiya ng Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

PAGKUHA NG IMPORMASYON NG RECORD NG IMUNISASYON

Ang mga nasa Rehistro na datos sa imunisasyon ng indibidwal at iba pang impormasyon sa kalusugan na makakatukoy sa pagkato ay bukas sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal, sa Departamento ng Kalusugan, at iba pang mga awtorisadong gumagamit ng Rehistro para sa mga awtorisadong layunin lamang.

OPT-OUT (HINDI PAGSALI)

Maaaring piliin ng mga indibidwal na huwag isali sa Rehistro ("opt-out") ang mga datos sa imunisasyon ng kanilang anak. Dapat mag-opt-out ang mga indibidwal sa pamamagitan ng sulat sa pagkumpleto sa isang "Form para sa Pag-Opt-Out sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii" na makukuha mula sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan. Itatago lamang ng Rehistro ang pangunahing demograpikong impormasyon na kinakailangan para kilalanin ang indibidwal na pumiling huwag maisali sa Rehistro. Kailangan ang impormasyong ito para makilala at matanggihan ng Rehistro ang impormasyon sa imunisasyon ng indibidwal. Ang mga pangunahing demograpikong impormasyon ay gagamitin lamang ng Departamento ng Kalusugan sa Hawaii at hindi makikita ng lahat ng iba pang napahintulutang gumamit ng Rehistro. Ang desisyon ng indibidwal na hindi pahintulutan na maisama sa Rehistro ang kanilang mga datos sa imunisasyon ay hindi makakaapekto sa kung tatanggap sila ng imunisasyon o hindi.

PAGBAWI

Maaaring bawiin ng indibidwal ang kanilang desisyon na mag-opt-out sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii anumang oras. Ang mga pagbawi ay dapat sa pamamagitan ng sulat sa pagkumpleto sa "Form ng Muling Pagpapahintulot sa Rehistro ng Imunisasyon sa Hawaii" na makukuha mula sa tagabigay ng imunisasyon sa indibidwal o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan.

KARAPATANG SIYASATIN, KOPYAHIN, IWASTO O BAGUHIN ANG PERSONAL NA IMPORMASYON AT IMPORMASYON SA IMUNISASYON

Maaaring siyasatin, kopyahin, iwasto o baguhin ng mga indibidwal ang impormasyon sa record ng imunisasyon tungkol sa kanila o sa kanilang anak sa pamamagitan ng tagabigay ng imunisasyon sa kanila o sa kanilang anak o sa Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan. Para sa impormasyon kung paano siyasatin, kopyahin, iwasto o baguhin ang impormasyon tungkol sa inyo o sa inyong anak, mangyari lamang na kausapin ang inyong doktor, pakitawagan ang Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o 1-888-447-1023 (neighbor islands), o ipadala ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng e-mail sa RegistryHelp@doh.hawaii.gov.

MAY MGA KATANUNGAN?

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa Rehistro, mangyari lamang na kausapin ang inyong doktor, pakitawagan ang Sangay ng Imunisasyon ng Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o
1-888-447-1023 (neighbor islands), ipadala ang inyong katanungan sa pamamagitan ng e-mail sa RegistryHelp@doh.hawaii.gov, o bisitahin ang aming website sa: http://hawaii.gov/health/Immunization/HIR.html.

PAHAYAG NA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna ng Influenza

(Bakuna ng Flu, Hindi Aktibado)

Ano ang Kailangan Mong Malaman

2013-2014

Maraming mga Pahayag na Impormasyon tungkol sa Bakuna ang maaaring makuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis

Hojas de Información Sobre Vacunas están disponibles en Español y en muchos otros idiomas. Visite www.immunize.org/vis

1 Bakit dapat magpabakuna?

Ang influenza ("flu") ay isang nakakahawang sakit na kumakalat sa palibot ng Estados Unidos tuwing taglamig, kadalasan sa pagitan ng Oktubre at Mayo.

Ang flu ay nanggagaling sa virus na influenza, at maaaring maikalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, at malapitang pakikipagkontakto.

Sinumang tao ang maaaring magkasakit ng flu, subalit ang panganib ng pagkakasakit sa flu ay pinakamataas sa mga bata. Ang mga sintoma ay biglaang dumarating at maaaring magtagal ng ilang mga araw. Maaaring kabilang dito ang:

- lagnat/pangangatal
- pamamalat ng lalamunan
- sakit ng mga masel
- matinding kapaguran
- ubo
- sakit ng ulo
- sipon o baradong ilong

Maaaring mas matindi ang pagkakasakit sa flu ng ibang mga tao kaysa sa iba. Kabilang dito ang mga musmos, mga taong 65 taon at mas matanda, mga babaeng buntis, at mga taong may ilang kalagayan-tulad ng sakit sa puso, baga o sakit sa bato, o madaling tinatablan ng sakit. Ang bakuna ng flu ay lalong mas mahalaga para sa mga taong ito, at sa sinumang may malapitang pakikipagkontakto sa kanila.

Ang flu ay maaari ring mahulog sa pulmonya, at pinapalala nito ang kasalukuyang mga sakit. Maaari itong magbigay ng pagtatae at pangingisay sa mga bata.

Taun-**taon libu-libong mga tao sa Estados Unidos ang namamatay dahil sa flu**, at marami pang iba ang naoospital.

Ang bakuna ng flu ay ang pinakamabisang proteksiyon natin laban sa flu at sa kanyang mga komplikasyon. Tumutulong din ang bakuna ng flu na pigilin ang pagkalat ng flu sa mga tao.

2 Hindi aktibadong bakuna ng flu

May dalawang uri ng bakuna ng influenza:

Ikaw ay tumatanggap ng **hindi aktibadong** bakuna ng flu, na hindi naglalaman ng anumang buhay na virus na influenza. Ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagtusok ng karayom, at kadalasang tinatawag na "flu shot."

Ang ibang, **buhay, hininaan (hindi mabisang)** bakuna ng influenza ay winiwisik sa loob ng ilong. *Ang bakunang ito ay inilalarawan sa hiwalay na Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna.*

Ang bakuna ng flu ay inirerekomendang kunin taun-taon. Ang mga batang may 6 na buwan hanggang 8 taong gulang ay dapat tumanggap ng dalawang dosis sa unang taon na sila ay babakunahan.

Ang mga virus ng flu ay madalas nagbabago. Ang bakuna ng flu taun-taon ay sinasadya upang magprotekta laban sa mga virus na mas malamang makapagbigay ng sakit sa taon na iyon. Habang hindi maaaring mapigil ng bakuna ng flu ang lahat ng kaso ng flu, ito ang ating pinakamabisang depensa laban sa sakit na ito. Ang hindi aktibadong bakuna ng flu ay nagpoprotekta laban sa 3 o 4 na iba't-ibang uri ng mga virus na influenza.

Inaabot ng mga 2 linggo para gumana ang proteksiyon pagkatapos ng pagbabakuna, at ang proteksiyon ay tumatagal ng ilang buwan hanggang isang taon.

Ang ilang mga sakit na hindi nanggagaling sa virus na influenza ay madalas na napagkakamalang flu. Hindi pinipigil ng bakuna ng flu ang mga sakit na ito. Pinipigil lamang nito ang influenza.

Ang isang "malakas na dosis" ng bakuna ng flu ay maaaring makuha ng mga taong 65 taon ng edad at mas matatanda. Maaari kang bigyan ng higit pang impormasyon ng taong nagbibigay sa iyo sa bakuna.

Ang ilang mga hindi aktibadong bakuna ng flu ay naglalaman ng isang napakaliit na halaga ng nakabase-sa-asoge na pampatagal na tinatawag na thimerosal. Batay sa mga pagsisiyasat ang thimerosal sa mga bakuna ay hindi nakakapinsala, subalit maaaring makakuha ng mga bakuna ng flu na hindi naglalaman ng pampatagal.

3 Hindi dapat kunin ng ilang mga tao ang bakunang ito

Sabihin sa taong nagbibigay sa iyo sa bakuna:

- **Kung ikaw ay mayroong anumang malala (nakakamatay) na mga alerhiya** o hindi pagkahiyang, kabilang ang alerhiya sa itlog. Kung ikaw ay nagkaroon na ng isang nakakamatay na alerhikang reaksiyon pagkatapos ng isang dosis ng bakuna ng flu, o mayroong malalang alerhiya sa anumang bahagi ng bakunang ito, maaari kang payuhang huwag magpabakuna.
- **Kung ikaw ay nagkaroon na ng Guillain-Barré Syndrome** (isang malala, nakakaparalitikong sakit, na tinatawag din bilang GBS). Ang ilang mga tao na may nakaraang pagdaranas ng GBS ay hindi dapat tumanggap sa bakunang ito. Dapat mong kausapin ang iyong doktor tungkol dito.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

- **Kung masama ang iyong pakiramdam.** Maaari nilang imungkahing maghintay hanggang gumaling ang iyong pakiramdam. Subalit kailangan kang bumalik.

4 Mga panganib ng reaksiyon sa bakuna

Tulad ng anumang gamot, ang bakuna ay, maaaring magkaroon ng mga nakakasamang epekto. Ang mga ito ay kadalasang hindi malala at kusang nawawala.

Posible rin ang mga malalang nakakasamang epekto, subalit bihira ito. Ang hindi aktibadong bakuna ng flu ay hindi naglalaman ng buhay na virus ng flu, kung kaya **ang pagkakasakit ng flu mula sa bakunang ito ay hindi posible.**

Ang panandaliang pagkahimatay at kaugnay na mga sintoma (tulad ng matigtig na mga galaw) ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang mga gawaing medikal, kabilang ang pagbakuna. **Ang pag-upo o paghiga ng mga 15 minuto pagkatapos ng pagkabakuna ay maaaring makapigil sa pagkahimatay at mga natatamong sugat dahil sa pagkahulog.** Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay nahihilo o nahihibang, may pagbabago sa paningin o pagkililing sa tainga.

Mahinay na mga problemang kasunod ng hindi aktibadong bakuna ng flu:

- sakit, pamumula, o pamamaga kung saan binakunahan
- pamamaos; masakit, namumula o nangangating mga mata, ubo
- lagnat
- pananakit
- sakit ng ulo
- pangangati
- matinding kapaguran

Kung mangyari ang mga problemang ito, madalas nagsisimula sila kaagad pagkatapos ng bakuna at nagtatagal ng 1 o 2 araw.

Katamtamang mga problema pagkatapos ng hindi aktibadong bakuna ng flu:

- Ang munting mga batang sabay na nakakakuha ng hindi aktibadong bakuna ng flu at bakunang pneumococcal (PCV13) ay maaaring mas nanganganib na magkaroon ng pangingisay na gawa ng lagnat. Para sa higit pang impormasyon tanungin ang iyong doktor. Sabihin sa iyong doktor kung ang isang batang kumukuha ng bakuna ng flu ay nagkaroon na ng pangingisay.

Malalang mga problema kasunod ng hindi aktibadong bakuna ng flu:

- Ang isang **malalang alerhikang reaksiyon** ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna (tinatantiyang mas mababa sa 1 sa isang milyong dosis).
- May isang maliit na posibilidad na ang hindi aktibadong bakuna ng flu ay maaaring kaugnay ng Guillain-Barré Syndrome (GBS), hindi hihigit sa 1 o 2 kaso bawat milyong taong binakunahan. Ito ay mas mababa kaysa sa panganib ng malalang mga komplikasyon mula sa flu, na maaaring pigilin ng bakuna ng flu

Palaging sinusubaybayan ang pagiging ligtas ng mga bakuna. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: **www.cdc.gov/vaccinesafety/**

5 Paano kung magkaroon ng seryosong reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Humanap ng anumang nakakabahala sa iyo, tulad ng mga katangian ng malalang alerhikang reaksiyon, labis na mataas na lagnat, o mga pagbabago ng asal.

  Kabilang sa mga katangian ng maaaring malalang alerhikang reaksiyon ay ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapang huminga, mabilis na pulso, pagkahilo at kahinaan. Nagsisimula ang mga ito ilang minuto hanggang ilang mga oras pagkatapos ng pagkabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung naniniwala kang ito ay isang malalang alerhikang reaksiyon o ibang emerhensiya na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. O kundi, tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksiyon ay dapat ireport sa Sistema ng Pagrereport sa Nakakasamang Epekto ng Bakuna (VAERS). Maaaring itala ng iyong doktor ang report na ito, o maaari mo mismong gawin ito sa pamamagitan ng VAERS web site sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay ginagamit lamang para sa pagrereport ng mga reaksiyon. Hindi nagbibigay ito ng mga pagpapayong medikal.

6 Ang Programa ng Pambansang Kabayaran ng Pagkakapinsala sa Bakuna

The National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) is a federal program that was created to compensate people who may have been injured by certain vaccines.

Persons who believe they may have been injured by a vaccine can learn about the program and about filing a claim by calling **1-800-338-2382** or visiting the VICP website at **www.hrsa.gov/vaccinecompensation**.

7 Paano ako makakaalam ng higit pa?

- Tanungin ang iyong doktor.
- Tawagan ang iyong lokal at pang-estadong kagawarang pangkalusugan.
- Kontakin ang Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang CDC website sa **www.cdc.gov/flu**

Gamit Pang-opisina Lamang